ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

# INTERAKTIBONG PAMAMARAAN SA PAGTUTURO NG PANITIKAN SA PAGKATUTO NG KASANAYANG FILIPINO NG MGA MAG-AARAL

**Ana Margarita Paula Dimacuha Ramos**
*Laguna State Polytechnic University Sta. Cruz Laguna 4009 Philippines*

## ABSTRAK

*Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang kaugnayan sa pagitan ng mga interaktibong pamamaraan sa pagtuturo ng panitikan sa pagkatuto ng kasanayang Filipino ng mga mag-aaral. Partikular nitong inalam ang mga sumusunod: antas ng interaktibong pamamaraan sa pagtuturo ng panitikan batay sa art angel, sine mo 'to, kalookalike, guess what, at tagis-talino. Sinuri rin ang antas ng pagkatuto sa Kasanayang Filipino ng mga mag-aaral batay sa kasanayan sa pagsulat, pag-unawa sa binasa, kakayahang makapagpahayag, pag-unlad ng kognitibong kakayahan, kolaboratibong kasanayan, pagpapaunlad ng kakayahan at paghasa ng kaalaman: matukoy ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa pagsusulit batay sa art angel, pagsusulit batay sa sine mo 'to, pagsusulit batay sa kalookalike, pagsusulit batay sa guess what at pagsusulit sa tagis-talino. Malaman ang ugnayan ng Interaktibong Pamamaraan sa Pagtuturo ng Panitikan sa Pagkatuto ng Kasanayang Filpino at epekto sa pagitan ng Interaktibong Pamamaraan sa Pagtuturo ng Panitikan sa Pagganap ng mga mag-aaral.*

*Upang masuri ang antas ng kanilang natutunan gamit ang mga interaktibong pamamaraan, ginamit ang deskriptib-korelasyonal na pananaliksik. Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay may kabuuang bilang na isang daan at walumpung (180) mag-aaral sa Baitang Pito (7) ng Don Manuel Rivera Memorial Integrated National High School.*

*Lumabas sa resulta ng pag-aaral na ito na ang antas ng Interaktibong Pamamaraan sa Pagtuturo ng Panitikan, gayundin ang antas ng Pagkatuto ng Kasanayang Filipino ng mga mag-aaral ay kapwa may kabuuang punang Lubhang Mabisa. Pagganap ng mga Mag-aaral sa kanilang mga pagsusulit, na nagkamit ng punang Katamtamang-Kasiya-siya. Natuklasan ang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng mga interaktibong pamamaraan at ang pagkatuto ng kasanayang Filipino ng mga mag-aaral. Gayunpaman, lumabas sa pagsusuri na walang makabuluhang epekto sa interaktibong pamamaraan sa pagtuturo ng panitikan sa pagganap ng mga mag-aaral.*

*Bilang konklusyon, may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng Interaktibong Pamamaraan sa Pagtuturo ng Panitikan at Pagkatuto ng Kasanayang Filipino kung kaya't ang haypoteses ay hindi tinatanggap. Samantala, walang makabuluhang epekto ang nakita sa pagitan ng Interaktibong Pamamaraan sa Pagganap ng mga Mag-aaral kung kaya't ang haypoteses ay tinatanggap.*

*Matapos ang pagsusuri, iminumungkahi ang madalas na paggamit ng mga interaktibong pamamaraan sa pagtuturo ng panitikan, gayundin ang pagpapahusay sa mga guro sa pamamagitan ng mga LAC session at pagsasanay sa teknolohiya para sa ikatatagumpay ng mga mag-aaral.*

**SUSING SALITA:** *Interaktibo, pagtuturo, panitikan, kasanayang Filipino, pagganap ng mga mag-aaral*

## 1. Panimula

Ang panitikan ay ang sumasalamin sa ating pinagmulan na patuloy na pinag-aaralan. Katulad ng wika, ito ay dapat na nauunawaan at patuloy na kinikilala. Nakatuon ang pagtuturo ng panitikan sa pagtalakay ng nilalaman at mga elemento ng isang akda. Ito ang nagsisilbing tulay upang maipasa ang kultura, pagpapahalaga at pagkakakilanlan ng ating bansa.

Ito ay isang mahalagang bahagi ng kurikulum sa sekundarya dahil ito ay nakapagpapayabong hindi lamang ng kasanayang pangwika kundi pati ng kasanayang Filipino ng mga mag-aaral.

Ayon kina Nardo at Hufana (2020), ang panitikan ay nagsisilbing daluyan ng kultura at kasaysayan na nagbibigay-daan upang mahubog ang kritikal na pag-iisip, kakayahang magsuri, at pagpapahayag ng ideya. Sa harap ng mga pagbabagong dulot ng teknolohiya at modernong pedagogiya, kinakailangan ang paggamit ng interaktibong pamamaraan sa pagtuturo upang mapanatiling makabuluhan at epektibo ang pagkatuto ng mga kabataan (Delos Reyes, 2018).

Isa sa mga itinuturing na interaktibong pamamaraan ay ang paggamit ng malikhaing gawain at arts integration tulad ng iba't ibang programang pangtelebisyon, na nagpapakita kung paano nagiging mas engaging ang pagkatuto sa pamamagitan ng pagsasama ng sining sa mga aralin (Ramos, 2019). Gayundin, napatunayang epektibo ang video-based learning o paggamit ng pelikula at biswal na materyales sa pagpapalalim ng pag-unawa sa teksto at konteksto ng panitikan (Santos, 2021). Ang dramatization o role play ay nakapagpapalakas sa kolaboratibong kasanayan ng mga mag-aaral at nagbibigay ng aktwal na karanasan sa interpretasyon ng akda (Manalo, 2020). Dagdag pa rito, ang game-based learning ay nakapagpapataas ng motibasyon at partisipasyon sa klase (Gee, 2017), samantalang ang kolaboratibong kompetisyon tulad ng Tagis Talino ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng kritikal na pag-iisip at komunikatibong kakayahan (Reyes, 2019).

Binibigyang-diin sa mga reporma ang paglinang ng 21st century skills tulad ng komunikasyon, kolaborasyon, kritikal na pag-iisip, at pagkamalikhain. Ang mga kasanayang

ito ay mahalagang matamo ng mga mag-aaral upang maging handa sila sa hamon ng makabagong lipunan. Ang paggamit ng interaktibong pamamaraan sa pagtuturo ng panitikan ay nakatutulong sa paglinang ng mga kasanayang ito dahil nagbibigay ito ng pagkakataon sa mga mag-aaral na makilahok, makipagtulungan, at malikhaing maipahayag ang kanilang interpretasyon sa mga akdang pampanitikan.

Bunga nito, isinilang ang kasalukuyang pag-aaral na may pamagat na Interaktibong Pamamaraan sa Pagtuturo ng Panitikan sa Pagkatuto ng Kasanayang Filipino ng mga Mag-aaral. Layunin nitong suriin ang antas ng paggamit at epekto ng iba't ibang interaktibong pamamaraan gaya ng Art Angel, Sine Mo To, Kalookalike, Guess What, at Tagis Talino, sa pagtuturo ng panitikan at sa paglinang ng kasanayang Filipino ng mga mag-aaral sa sekundarya. Inaasahang makapag-aambag ang pananaliksik na ito sa pagpapaunlad ng pedagogiyang Filipino at pagbibigay ng empirikal na batayan para sa mas malikhain at epektibong pagtuturo ng panitikan.

### *1.1 Paglalahad ng Suliranin*

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy ang kabisaan ng Interaktibong Pamamaraan sa Pagtuturo ng Panitikan sa Pagkatuto ng Kasanayang Filipino at Pagganap ng mga Mag-aaral.

Ang pag-aaral na ito ay nagnanais na alamin ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang antas ng Interaktibong Pamamaraan sa Pagtuturo ng Panitikan batay sa:
   - 1.1 Art Angel;
   - 1.2 Sine Mo 'To;
   - 1.3 Kalookalike;
   - 1.4 Guess What?; at
   - 1.5 Tagis Talino?
2. Ano ang antas ng Kasanayang Filipino ng mga mag-aaral batay sa:
   - 2.1 kasanayan sa pagsulat;
   - 2.2 pag-unawa sa binasa;
   - 2.3 kakayahang makapagpahayag;
   - 2.4 pag-unlad ng kognitibong kakayahan;
   - 2.5 kolaboratibong kasanayan;
   - 2.6 pagpapaunlad ng kakayahan; at
   - 2.7 paghasa ng kaalaman?
3. Ano ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa pagsusulit?
   - 3.1 pagsusulit batay sa Art Angel;
   - 3.2 pagsusulit batay sa Sine Mo 'To;
   - 3.3 pagsusulit batay sa Kalookalike;
   - 3.4 pagsusulit batay sa Guess What?; at
   - 3.5 pagsusulit batay sa Tagis-Talino?
4. May makabuluhang ugnayan ba ang paggamit ng Interaktibong Pamamaraan sa Pagtuturo ng Panitikan sa Pagkatuto ng Kasanayang Filipino ng mga mag-aaral?
5. May makabuluhang epekto ba ang Interaktibong Pamamaraan sa Pagtuturo ng Panitikan sa Pagganap ng mga Mag-aaral?

## 2. METODOLOHIYA

Upang masuri ang antas ng kanilang natutunan gamit ang mga interaktibong pamamaraan, ginamit ang deskriptib-korelasyonal na pananaliksik. Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay may kabuuang bilang na isang daan at walumpung (180) mag-aaral sa Baitang Pito (7) ng Don Manuel Rivera Memorial Integrated National High School.

## 3. RESULTA AT TALAKAYAN

Ang kabanatang ito ay nagpapakita ng mga resulta, presentasyon, analisis at interpretasyon ng datos. Ang lahat ng mga tiyak na tanong sa Kabanata 1 sa ilalim ng paglalahad ng suliranin ay sinagot sa kabanatang ito at sinusuportahan ng mga grapikong representasyon o talahanayan.

Batay sa mga tanong at mga hinuha ng pag-aaral na ito, ang estatistika ay inilapat base sa talatanungang ibinigay na may kaugnayan sa pag-aaral patungkol sa Interaktibong Pamamaraan sa Pagtuturo ng Panitikan sa Pagkatuto ng Kasanayang Filipino ng mga Mag-aaral.

Sa partikular, nilalayon ng pag-aaral na matugunan ang mga sumusunod:

**Antas ng Interaktibong Pamamaraan sa Pagtuturo ng Panitikan**

Ang pag-aaral na ito ay naglalaman ng antas ng Interaktibong Pamamaraan sa Pagtuturo ng Panitikan batay sa Art Angel, Sine Mo 'To, Kalookalike, Guess What? at Tagis-Talino.

Makikita sa mga sumusunod na talahanayan ang mga pahayag na sinukat, kasama ang mean at standard deviation na nagpapakita ng antas at pagkakaiba-iba ng mga sagot ng mga tagatugon. Nakapaloob din dito ang mga puna at berbal na interpretasyon na naglalarawan kung paano tinataya ng mga mag-aaral ang interaktibong pamamaraan sa pagtuturo ng panitikan sa pagkatuto ng kasanayang Filipino.

Ang Talahanayan 1 ay nagpapakita ng antas ng Interaktibong Pamamaraan sa Pagtuturo ng Panitikan batay sa Art Angel. Nagpapakita rin ito ng pahayag, mean, standard deviation at mga puna.

**Talahanayan 1.**

*Antas ng Interaktibong Pamamaraan sa Pagtuturo ng Panitikan ayon sa Art Angel*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nakikilala ang ugnayan ng sining at panitikan sa pagpapahayag ng damdamin at kaisipan.* | 4.03 | 0.76 | Sumasang-ayon |
| *Nagagamit ang sining bilang paraan ng pagpapahayag ng pagkaunawa sa panitikan.* | 4.07 | 0.63 | Sumasang-ayon |
| *Naipakikita sa pamamagitan ng likhang sining ang mga temang tinalakay sa akda.* | 3.87 | 0.84 | Sumasang-ayon |
| *Nakapagbibigay-inspirasyon ang Art Angel na gawain sa mas malalim na pag-unawa sa kulturang Pilipino sa panitikan.* | 4.29 | 0.86 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakalilikha ng malikhaing produkto (poster, collage, o artwork) na kaugnay ng binasang akda.* | 4.28 | 0.75 | Lubos na sumasang-ayon |

| | |
|---|---|
| *Weighted Mean* | 4.11 |
| *SD* | 0.78 |
| *Berbal na Interpretasyon* | Mabisa |

Nakapagbibigay-inspirasyon ang Art Angel na gawain sa mas malalim na pag-unawa sa kulturang Pilipino sa panitikan ay nakakuha ng pinakamataas na mean na (M=4.29) na may (SD=0.86) at may puna na Lubos na Sumasang-ayon. Ipinahihiwatig nito na epektibo ang mga gawaing sining upang mas mapalalim ang koneksyon at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa sariling kultura sa pamamagitan ng panitikan. Gayundin ang pahayag na Nakalilikha ng malikhaing produkto (poster, collage, o artwork) na kaugnay ng binasang akda na may punang Lubos na Sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang mean ng pahayag na Naipakikita sa pamamagitan ng likhang sining ang mga temang tinalakay sa akda na may (M=3.87) at (SD=0.84), ipinapakita pa rin nito na Sumasang-ayon ang mga tagatugon na ang sining ay nagsisilbing biswal na representasyon ng mga araling pampanitikan.

Ang Antas ng Interaktibong Pamamaraan sa Pagtuturo ng Panitikan ayon sa Art Angel ay nagkamit ng kabuuang weighted mean na 4.11 at standard deviation na 0.78 na may berbal na interpretasyong Mabisa mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng talahanayan na ang integrasyon ng Art Angel sa pagtuturo ay may malaking gampanin sa pagpapaunlad ng interaksiyon at pag-unawa ng mga mag-aaral sa panitikan. Napalalakas nito ang kanilang kakayahan sa pagpapahayag ng damdamin at paglikha ng mga produktong may kaugnayan sa kanilang binasa. Ipinahihiwatig din ng positibong tugon na ang sining ay isang mabisang kagamitang pedagohikal upang gawing mas masining, malikhain, at makabuluhan ang pag-aaral ng mga akdang pampanitikan.

Ang Talahanayan 2 ay nagpapakita ng antas ng Interaktibong Pamamaraan sa Pagtuturo ng Panitikan batay sa Sine Mo 'To. Nagpapakita rin ito ng pahayag, mean, standard deviation at mga puna.

**Talahanayan 2.**

*Antas ng Interaktibong Pamamaraan sa Pagtuturo ng Panitikan ayon sa Sine Mo 'To*

| ***Mga Pahayag*** | ***Mean*** | ***SD*** | ***Mga Puna*** |
|---|---|---|---|
| *Natutukoy ang pagkakaiba ng orihinal na akda at ng pelikulang ginawang batayan.* | 3.91 | 0.90 | Sumasang-ayon |
| *Nakapagpapataas ng interes at pag-unawa sa aralin ang paggamit ng pelikula.* | 4.12 | 0.77 | Sumasang-ayon |
| *Napag-aaralan ang pelikula o video clip bilang paraan ng pagsusuri sa mga elemento ng panitikan.* | 4.16 | 0.70 | Sumasang-ayon |
| *Naituturo ng guro kung paano tumpak na iugnay ang mga eksenang napanood sa teksto.* | 4.51 | 0.70 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipahahayag ang mensahe ng akda sa pamamagitan ng pagtatanghal o pelikulang nilikha nila.* | 4.38 | 0.77 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.22 | | |
| *SD* | 0.80 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Naituturo ng guro kung paano tumpak na iugnay ang mga eksenang napanood sa teksto ay nakakuha ng pinakamataas na mean na (M=4.51) na may (SD=0.70) at may puna na Lubos na Sumasang-ayon. Ipinahihiwatig nito na napakaepektibo ng paggabay ng guro sa pag-uugnay ng biswal na media sa tekstong pampanitikan upang mas mapadali ang pag-unawa ng mga mag-aaral. Gayundin ang pahayag na Naipahahayag ang mensahe ng akda sa pamamagitan ng pagtatanghal o pelikulang nilikha nila na may punang Lubos na Sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang mean ng pahayag na Natutukoy ang pagkakaiba ng orihinal na akda at ng pelikulang ginawang batayan na may (M=3.91) at (SD=0.90), ipinapakita pa rin nito na Sumasang-ayon ang mga tagatugon na nagkakaroon sila ng kakayahang magsuri at maghambing ng iba't ibang anyo ng media.

Ang Antas ng Interaktibong Pamamaraan sa Pagtuturo ng Panitikan ayon sa Sine Mo 'To ay nagkamit ng kabuuang weighted mean na 4.22 at standard deviation na 0.80 na may berbal na interpretasyong Lubhang Mabisa mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng talahanayan na ang pamamaraang Sine Mo 'To ay may malaking gampanin sa pagpapataas ng interes at pag-unawa ng mga mag-aaral sa panitikan. Napalalakas nito ang kanilang kakayahan sa pagsusuri ng mga elemento ng panitikan sa pamamagitan ng panonood at paglikha ng mga video clip. Ipinahihiwatig din ng positibong tugon na ang paggamit ng pelikula ay isang napakamabisang kagamitan sa pagtuturo upang gawing mas interaktibo, masaya, at makabuluhan ang pag-aaral ng mga akdang pampanitikan sa makabagong panahon.

Ang Talahanayan 3 ay nagpapakita ng antas ng Interaktibong Pamamaraan sa Pagtuturo ng Panitikan batay sa Kalookalike. Nagpapakita rin ito ng pahayag, mean, standard deviation at mga puna.

**Talahanayan 3.**
*Antas ng Interaktibong Pamamaraan sa Pagtuturo ng Panitikan ayon sa Kalookalike*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nalalaman ang mga katangian at damdamin ng tauhan sa pamamagitan ng panggagaya.* | 4.12 | 0.75 | Sumasang-ayon |
| *Naipaliliwanag ang mga aral ng akda batay sa mga ginampanang karakter.* | 4.37 | 0.72 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiuugnay ang mga karakter sa akda sa mga personalidad sa kasalukuyang lipunan.* | 4.06 | 0.74 | Sumasang-ayon |
| *Naitatama ng guro ang maling interpretasyon ng mag-aaral sa pamamagitan ng repleksyon matapos ang gawain.* | 4.54 | 0.58 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakatutulong sa paglinang ng pagpapahalaga sa mga tauhan at aral sa panitikan.* | 4.32 | 0.77 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.28 | | |
| *SD* | 0.74 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Naitatama ng guro ang maling interpretasyon ng mag-aaral sa pamamagitan ng repleksyon matapos ang gawain ay nakakuha ng pinakamataas na mean na (M=4.54) na may (SD=0.58) at may puna na Lubos na Sumasang-ayon. Ipinahihiwatig nito na ang proseso ng pagninilay pagkatapos ng pagganap ay mahalagang bahagi upang matiyak ang tamang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mensahe ng akda. Gayundin ang pahayag na Naipaliliwanag ang mga aral ng akda batay sa mga ginampanang karakter na may punang Lubos na Sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang mean ng pahayag na Naiuugnay ang mga karakter sa akda sa mga personalidad sa kasalukuyang lipunan na may (M=4.06) at (SD=0.74), ipinapakita pa rin nito na Sumasang-ayon ang mga tagatugon na nakakatulong ang panggagaya upang makita ang realidad ng panitikan sa tunay na buhay.

Ang Antas ng Interaktibong Pamamaraan sa Pagtuturo ng Panitikan ayon sa Kalookalike ay nagkamit ng kabuuang weighted mean na 4.28 at standard deviation na 0.74 na may berbal na interpretasyong Lubhang Mabisa mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng talahanayan na ang pamamaraang Kalookalike ay may malaking gampanin sa pagpapalalim ng pagkilala ng mga mag-aaral sa mga tauhan at aral ng panitikan. Napalalakas nito ang kanilang kakayahang magsuri ng damdamin at katangian ng karakter sa pamamagitan ng aktibong panggagaya. Ipinahihiwatig din ng positibong tugon na ang estratehiyang ito ay isang napakamabisang paraan upang malinang ang empatiya at kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral habang binibigyang-buhay ang mga tekstong pampanitikan.

Ang Talahanayan 4 ay nagpapakita ng antas ng Interaktibong Pamamaraan sa Pagtuturo ng Panitikan batay sa Guess What?. Nagpapakita rin ito ng pahayag, mean, standard deviation at mga puna.

**Talahanayan 4.**
*Antas ng Interaktibong Pamamaraan sa Pagtuturo ng Panitikan ayon sa Guess What?*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nakapagbibigay-daan ang palaro sa mabilis na pag-alala ng mga konsepto, tauhan, at tagpuan ng akda.* | 4.42 | 0.59 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naitatala ang mahahalagang impormasyon mula sa mga clue na ibinibigay.* | 4.49 | 0.64 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiaangat ang kasiglahan ng talakayan sa klase sa pamamagitan ng larong Guess What?* | 4.00 | 0.82 | Sumasang-ayon |
| *Naiaayos ang kanyang mga maling sagot matapos ang talakayan.* | 4.44 | 0.60 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakapagpapalalim ang larong ito ng interes sa panitikan.* | 4.18 | 0.70 | Sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.31 | | |
| *SD* | 0.70 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Naitatala ang mahahalagang impormasyon mula sa mga clue na ibinibigay ay nakakuha ng pinakamataas na mean na (M=4.49) na may (SD=0.64) at may puna na Lubos na Sumasang-ayon. Ipinahihiwatig nito na ang paggamit ng mga pahiwatig sa laro ay epektibong paraan upang matukoy at matandaan ng mga mag-aaral ang mga mahahalagang detalye ng akda. Gayundin ang pahayag na Naiaayos ang kanyang mga maling sagot matapos ang talakayan na may punang Lubos na Sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang mean ng pahayag na Naiaangat ang kasiglahan ng talakayan sa klase sa pamamagitan ng larong Guess What? na may (M=4.00) at (SD=0.82), ipinapakita pa rin nito na Sumasang-ayon ang mga tagatugon na nakakatulong ang laro upang maging mas buhay at aktibo ang partisipasyon sa loob ng silid-aralan.

Ang Antas ng Interaktibong Pamamaraan sa Pagtuturo ng Panitikan ayon sa Guess What? ay nagkamit ng kabuuang weighted mean na 4.31 at standard deviation na 0.70 na may berbal na interpretasyong Lubhang Mabisa mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng talahanayan na ang pamamaraang Guess What? ay may malaking gampanin sa mabilis na pag-alala ng mga konsepto, tauhan, at tagpuan sa panitikan. Napalalakas nito ang interes ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng laro habang sinisiguro na naitatama ang anumang maling pagkakaunawa sa paksa. Ipinahihiwatig din ng positibong tugon na ang gamification o paggamit ng laro sa pagtuturo ay isang napakamabisang kagamitan upang gawing mas interaktibo at punong-puno ng kaalaman ang pagtalakay sa mga akdang pampanitikan.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Ang Talahanayan 5 ay nagpapakita ng antas ng Interaktibong Pamamaraan sa Pagtuturo ng Panitikan batay sa Tagis-talino. Nagpapakita rin ito ng pahayag, mean, standard deviation at mga puna.

**Talahanayan 5.**

*Antas ng Interaktibong Pamamaraan sa Pagtuturo ng Panitikan ayon sa Tagis Talino*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Naihahayag ang kanilang kaalaman sa panitikan sa pamamagitan ng paligsahan* | 4.19 | 0.77 | Sumasang-ayon |
| *Naiwawasto ang maling interpretasyon matapos marinig ang sagot ng iba.* | 4.32 | 0.72 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakapagpapalakas ng kumpiyansa at partisipasyon sa klase and kompetisyon.* | 4.16 | 0.74 | Sumasang-ayon |
| *Natutunton ang kakayahang magsuri at magpaliwanag ng ideya mula sa akda.* | 4.16 | 0.76 | Sumasang-ayon |
| *Nakapagsusulong ng malalim na pag-unawa at kolaborasyon sa pag-aaral ng panitikan ang Tagis-talino.* | 4.29 | 0.74 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.23 | | |
| *SD* | 0.75 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Naiwawasto ang maling interpretasyon matapos marinig ang sagot ng iba ay nakakuha ng pinakamataas na mean na (M=4.32) na may (SD=0.72) at may puna na Lubos na Sumasang-ayon. Ipinahihiwatig nito na ang paligsahan ay nagiging lunsaran ng pagkatuto mula sa kapwa mag-aaral upang maitama ang sariling pag-unawa sa akda. Gayundin ang pahayag na Nakapagsusulong ng malalim na pag-unawa at kolaborasyon sa pag-aaral ng panitikan ang Tagis-talino na may punang Lubos na Sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang mean ng mga pahayag ukol sa pagpapalakas ng kumpiyansa at kakayahang magsuri na kapwa may (M=4.16) at (SD=0.74/0.76), ipinapakita pa rin nito na Sumasang-ayon ang mga tagatugon na ang kompetisyon ay nakatutulong sa paghubog ng kanilang kritikal na pag-iisip at tiwala sa sarili.

Ang Antas ng Interaktibong Pamamaraan sa Pagtuturo ng Panitikan ayon sa Tagis Talino ay nagkamit ng kabuuang weighted mean na 4.23 at standard deviation na 0.75 na may berbal na interpretasyong Lubhang Mabisa mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng talahanayan na ang pamamaraang Tagis Talino ay may malaking gampanin sa pagpapalawak ng kaalaman ng mga mag-aaral sa panitikan sa pamamagitan ng paligsahan. Napalalakas nito ang kolaborasyon at masusing pagsusuri sa mga ideya mula sa akda habang pinananatili ang mataas na antas ng partisipasyon sa klase. Ipinahihiwatig din ng positibong tugon na ang ganitong uri ng interaktibong gawain ay isang napakamabisang kagamitan upang maging mas mapanghamon at makabuluhan ang pag-aaral ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

**Antas ng Pagkatuto ng Kasanayang Filipino ng mga Mag-aaral**

Ang Talahanayan 5 ay nagpapakita ng antas ng Interaktibong Pamamaraan sa Pagtuturo ng Panitikan batay sa Tagis-talino. Nagpapakita rin ito ng pahayag, mean, standard deviation at mga puna.

Pagkatuto ng Kasanayang Filipino ng mga Mag-aaral batay sa Kasanayan sa Pagsulat, Pag-unawa sa Binasa, Kakayahang Magpahayag, Pag-unlad ng Kognitibong Kakayahan, Kolaboratibong Kasanayan, Pagpapaunlad ng Kakayahan at Paghasa ng Kaalaman.

Makikita sa mga sumusunod na talahanayan ang Pahayag, Mean at Standard Deviation, Puna at Berbal na Interpretasyon upang higit na mailarawan ang kinalabasan ng pag-aaral na ito.

**Talahanayan 6.**

*Antas ng Pagkatuto ng Kasanayang Filipino ng mga mag-aaral ayon sa kasanayan sa pagsulat*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nakapagbibigay ng interpretasyon o repleksyon sa mga temang pampanitikan sa isinulat na gawain.* | 4.28 | 0.70 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagagamit ang wastong balarila at bokabularyo sa pagsulat.* | 4.04 | 0.66 | Sumasang-ayon |
| *Nakapagsusulat nang maayos, malinaw, at organisadong sanaysay.* | 4.41 | 0.72 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipahahayag nang epektibo ang sariling damdamin o opinyon sa pamamagitan ng pagsulat.* | 4.18 | 0.76 | Sumasang-ayon |
| *Nakalilikha ng orihinal na sulatin batay sa binasang akda.* | 4.01 | 0.83 | Sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.18 | | |
| *SD* | 0.75 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Mabisa | | |

Ang Talahanayan 6 ay nagpapakita ng antas ng Pagkatuto ng Kasanayang Filipino ng mga mag-aaral batay sa kasanayan sa pagsulat. Nagpapakita rin ito ng pahayag, mean, standard deviation at mga puna.

Nakapagsusulat nang maayos, malinaw, at organisadong sanaysay ay nakakuha ng pinakamataas na mean na (M=4.41) na may (SD=0.72) at may puna na Lubos na Sumasang-ayon. Ipinahihiwatig nito na nalinang nang husto ang kakayahan ng mga mag-aaral sa lohikal at sistematikong pagbuo ng mga sulatin. Gayundin ang pahayag na Nakapagbibigay ng interpretasyon o repleksyon sa mga temang pampanitikan sa isinulat na gawain na may punang Lubos na Sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang mean ng pahayag na Nakalilikha ng orihinal na sulatin batay sa

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

binasang akda na may (M=4.01) at (SD=0.83), ipinapakita pa rin nito na Sumasang-ayon ang mga tagatugon sa kanilang kakayahang makabuo ng sariling akda mula sa kanilang mga natutunan.

Ang Antas ng Pagkatuto ng Kasanayang Filipino ng mga mag-aaral ayon sa kasanayan sa pagsulat ay nagkamit ng kabuuang weighted mean na 4.18 at standard deviation na 0.75 na may berbal na interpretasyong Mabisa mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng talahanayan na ang mga gawain ay may malaking gampanin sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa Filipino. Napalalakas nito ang kanilang kakayahan sa pagpapahayag ng damdamin, paggamit ng wastong balarila, at pagbuo ng kritikal na repleksyon. Ipinahihiwatig din ng positibong tugon na ang pagsasagawa ng iba't ibang pasulat na gawain ay isang mabisang paraan upang malinang ang kahusayan sa wika at masining na pagpapahayag ng kaisipan ng mga mag-aaral.

**Talahanayan 7.**

*Antas ng Pagkatuto ng Kasanayang Filipino ng mga mag-aaral ayon sa pag-unawa sa binasa*

| ***Mga Pahayag*** | ***Mean*** | ***SD*** | ***Mga Puna*** |
|---|---|---|---|
| *Natutukoy ang pangunahing ideya at mga suportang detalye.* | 4.47 | 0.70 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiintindihan ang tema at layunin ng may-akda.* | 4.41 | 0.66 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipaliliwanag ang mensahe ng akda sa sariling pang-unawa.* | 4.28 | 0.62 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakikilala ang paggamit ng simbolismo at talinghaga sa akda.* | 4.07 | 0.71 | Sumasang-ayon |
| *Naiuugnay ang mga pangyayari sa akda sa tunay na buhay.* | 4.12 | 0.76 | Sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.27 | | |
| *SD* | 0.71 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Ang Talahanayan 7 ay nagpapakita ng antas ng Pagkatuto ng Kasanayang Filipino ng mga mag-aaral batay sa pag-unawa sa binasa. Nagpapakita rin ito ng pahayag, mean, standard deviation at mga puna.

Natutukoy ang pangunahing ideya at mga suportang detalye ay nakakuha ng pinakamataas na mean na (M=4.47) na may (SD=0.70) at may puna na Lubos na Sumasang-ayon. Ipinahihiwatig nito na nalinang nang maigi ang pundasyon ng mga mag-aaral sa kritikal na pagbabasa, partikular na sa pag-aanalisa ng mahahalagang impormasyon sa teksto. Gayundin ang pahayag na Naiintindihan ang tema at layunin ng may-akda na may punang Lubos na Sumasang-ayon. Bagama’t bahagyang mas mababa ang mean ng pahayag na Nakikilala ang paggamit ng simbolismo at talinghaga sa akda na may (M=4.07) at (SD=0.71), ipinapakita pa rin nito na Sumasang-ayon ang mga tagatugon sa kanilang kakayahang masuri ang mas malalalim na aspeto ng binasang panitikan.

Ang Antas ng Pagkatuto ng Kasanayang Filipino ng mga mag-aaral ayon sa pag-unawa sa binasa ay nagkamit ng kabuuang weighted mean na 4.27 at standard deviation na 0.71 na may berbal na interpretasyong Lubhang Mabisa mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng talahanayan na ang pag-unawa sa binasa ay may malaking gampanin sa paglinang ng kasanayang Filipino ng mga mag-aaral. Napalalakas nito ang kanilang kapasidad na ipaliwanag ang mensahe ng akda sa sariling pang-unawa at iugnay ang mga pangyayari sa tunay na buhay. Ipinahihiwatig din ng positibong tugon na ang mga estratehiyang ginamit sa pagtuturo ay napakamabisa upang gawing mapanuri at komprehensibo ang pagbasa ng mga mag-aaral sa mga tekstong pampanitikan.

**Talahanayan 8.**

*Antas ng Pagkatuto ng Kasanayang Filipino ng mga mag-aaral ayon sa kakayahang makapagpahayag*

| ***Mga Pahayag*** | ***Mean*** | ***SD*** | ***Mga Puna*** |
|---|---|---|---|
| *Nirerespeto ang pananaw ng iba sa pagpapahayag ng sariling ideya.* | 4.71 | 0.52 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakapagsasalita nang may kumpiyansa sa harap ng klase.* | 4.22 | 0.79 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipamamalas ang wika sa malinaw at epektibong paraan sa talakayan.* | 4.11 | 0.63 | Sumasang-ayon |
| *Napalalawak ang matalinong opinyon tungkol sa tekstong pampanitikan.* | 4.36 | 0.69 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipahahayag ang damdamin sa malikhaing paraan (tula, dula, talumpati).* | 4.21 | 0.70 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.32 | | |
| *SD* | 0.70 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Ang Talahanayan 8 ay nagpapakita ng antas ng Pagkatuto ng Kasanayang Filipino ng mga mag-aaral batay sa kakayahang magpahayag. Nagpapakita rin ito ng pahayag, mean, standard deviation at mga puna.

Nirerespeto ang pananaw ng iba sa pagpapahayag ng sariling ideya ay nakakuha ng pinakamataas na mean na (M=4.71) na may (SD=0.52) at may puna na Lubos na Sumasang-ayon. Ipinahihiwatig nito na nalinang hindi lamang ang talino kundi pati ang kagandahang-asal at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa demokratikong talakayan. Gayundin ang pahayag na Napalalawak ang matalinong opinyon tungkol sa tekstong pampanitikan na may punang Lubos na Sumasang-ayon. Bagama’t bahagyang mas mababa ang mean ng pahayag na Naipamamalas ang wika sa malinaw at epektibong paraan sa talakayan na may (M=4.11) at (SD=0.63), ipinapakita pa rin nito na Sumasang-ayon ang mga tagatugon sa kanilang kakayahang gumamit ng wastong antas ng wika sa pakikipagtalastasan.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Ang Antas ng Pagkatuto ng Kasanayang Filipino ng mga mag-aaral ayon sa kakayahang makapagpahayag ay nagkamit ng kabuuang weighted mean na 4.32 at standard deviation na 0.70 na may berbal na interpretasyong Lubhang Mabisa mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng talahanayan na ang kakayahang makapagpahayag ay may malaking gampanin sa kabuoang pagkatuto ng mga mag-aaral sa Filipino. Napalalakas nito ang kanilang kumpiyansa sa pagsasalita sa harap ng klase at ang kanilang pagkamalikhain sa paghahatid ng damdamin sa pamamagitan ng tula, dula, at talumpati. Ipinahihiwatig din ng positibong tugon na ang mga interaktibong gawain sa silid-aralan ay napakamabisang paraan upang mahasa ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pakikipag-ugnayan at kritikal na paglalahad ng sariling kaisipan.

**Talahanayan 9.**

*Antas ng Pagkatuto ng Kasanayang Filipino ng mga mag-aaral ayon sa pag-unlad ng kognitibong kakayahan*

| ***Mga Pahayag*** | ***Mean*** | ***SD*** | ***Mga Puna*** |
|---|---|---|---|
| *Nauunawaan ang pagkakaiba ng mga tauhan, tagpuan, at tema.* | 4.36 | 0.74 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakapagsusuri ng sanhi at bunga ng mga pangyayari sa akda.* | 4.32 | 0.82 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakapaglalahad ng sariling interpretasyon batay sa ebidensiya.* | 4.06 | 0.65 | Sumasang-ayon |
| *Naisasabuhay ang kahalagahan ng aral sa pang-araw-araw na buhay.* | 4.18 | 0.71 | Sumasang-ayon |
| *Nakagagawa ng komparatibong pagsusuri ng dalawang akda.* | 4.02 | 0.82 | Sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.19 | | |
| *SD* | 0.76 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Mabisa | | |

Ang Talahanayan 9 ay nagpapakita ng antas ng Pagkatuto ng Kasanayang Filipino ng mga mag-aaral batay sa pag-unlad ng kognitibong kakayahan. Nagpapakita rin ito ng pahayag, mean, standard deviation at mga puna.

Nauunawaan ang pagkakaiba ng mga tauhan, tagpuan, at tema ay nakakuha ng pinakamataas na mean na (M=4.36) na may (SD=0.74) at may puna na Lubos na Sumasang-ayon. Ipinahihiwatig nito na mataas ang antas ng kognitibong pagkilala ng mga mag-aaral sa mga pundamental na elemento ng panitikan. Gayundin ang pahayag na Nakapagsusuri ng sanhi at bunga ng mga pangyayari sa akda na may punang Lubos na Sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang mean ng pahayag na Nakagagawa ng komparatibong pagsusuri ng dalawang akda na may (M=4.02) at (SD=0.82), ipinapakita pa rin nito na Sumasang-ayon ang mga tagatugon sa kanilang kakayahang magsagawa ng mas mataas na antas ng pagsusuring pampanitikan.

Ang Antas ng Pagkatuto ng Kasanayang Filipino ng mga mag-aaral ayon sa pag-unlad ng kognitibong kakayahan ay nagkamit ng kabuuang weighted mean na 4.19 at standard deviation na 0.76 na may berbal na interpretasyong Mabisa mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng talahanayan na ang pag-unlad ng kognitibong kakayahan ay may malaking gampanin sa pagpapataas ng kalidad ng pagkatuto sa Filipino. Napalalakas nito ang lohikal na pag-iisip sa pamamagitan ng pag-uugnay ng sanhi at bunga, gayundin ang paglalalahad ng interpretasyon batay sa ebidensiya. Ipinahihiwatig din ng positibong tugon na ang mga aralin ay hindi lamang nananatili sa teorya kundi naisasabuhay rin ng mga mag-aaral ang mga mahahalagang aral sa kanilang pang-araw-araw na buhay.

**Talahanayan 10.**

*Antas ng Pagkatuto ng Kasanayang Filipino ng mga mag-aaral ayon sa kolaboratibong kasanayan*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nakapagpapakita ng respeto at pagtanggap sa opinyon ng iba.* | 4.55 | 0.73 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakikilahok nang aktibo sa mga pangkatang gawain.* | 4.53 | 0.66 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakikipagbahaginan ng ideya sa kagrupo.* | 4.33 | 0.66 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipakikita ang ambag ng bawat kasapi sa pangkat.* | 4.39 | 0.59 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakabubuo ng proyekto sa pamamagitan ng pagtutulungan.* | 4.71 | 0.63 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.50 | | |
| *SD* | 0.67 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Ang Talahanayan 10 ay nagpapakita ng antas ng Pagkatuto ng Kasanayang Filipino ng mga mag-aaral batay sa kolaboratibong kasanayan. Nagpapakita rin ito ng pahayag, mean, standard deviation at mga puna.

Nakabubuo ng proyekto sa pamamagitan ng pagtutulungan ay nakakuha ng pinakamataas na mean na (M=4.71) na may (SD=0.63) at may puna na Lubos na Sumasang-ayon. Ipinahihiwatig nito na ang kolaborasyon ay isang mabisang paraan upang matagumpay na makalikha ang mga mag-aaral ng mga konkretong output o proyekto sa asignaturang Filipino. Gayundin ang pahayag na Nakapagpapakita ng respeto at pagtanggap sa opinyon ng iba na may punang Lubos na Sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang mean ng pahayag na Nakikipagbahaginan ng ideya sa kagrupo na may (M=4.33) at (SD=0.66), ipinapakita pa rin nito na Lubos na Sumasang-ayon ang mga tagatugon sa kahalagahan ng palitan ng kaisipan sa loob ng pangkat.

Ang Antas ng Pagkatuto ng Kasanayang Filipino ng mga mag-aaral ayon sa kolaboratibong kasanayan ay nagkamit ng kabuuang weighted mean na 4.50 at standard deviation na

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

0.67 na may berbal na interpretasyong Lubhang Mabisa mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng talahanayan na ang kolaboratibong kasanayan ay may napakalaking gampanin sa pagpapaunlad ng interaksiyon at pagkatuto ng mga mag-aaral. Napalalakas nito ang kanilang aktibong pakikilahok sa mga pangkatang gawain at ang pagkilala sa ambag ng bawat kasapi. Ipinahihiwatig din ng positibong tugon na ang pagkatutong kooperatiba ay isang napakamabisang kagamitan upang malinang hindi lamang ang akademikong husay kundi pati na rin ang kasanayang panlipunan ng mga mag-aaral habang nag-aaral ng wikang Filipino.

Ang Talahanayan 11 ay nagpapakita ng antas ng Pagkatuto ng Kasanayang Filipino ng mga mag-aaral batay sa pagpapaunlad ng kakayahan. Nagpapakita rin ito ng pahayag, mean, standard deviation at mga puna.

Napahahalagahan ang sariling lakas at kakulangan ay nakakuha ng pinakamataas na mean na (M=4.51) na may (SD=0.61) at may puna na Lubos na Sumasang-ayon. Ipinahihiwatig nito na nalinang ng mga mag-aaral ang kanilang "self-awareness" o ang kakayahang kilalanin ang sariling kapasidad upang maging gabay sa kanilang pag-aaral. a at pakikipag-ugnayan ng mga mag-aaral.

**Talahanayan 11.**

*Antas ng Pagkatuto ng Kasanayang Filipino ng mga mag-aaral ayon sa pagpapaunlad ng kakayahan*

| ***Mga Pahayag*** | ***Mean*** | ***SD*** | ***Mga Puna*** |
|---|---|---|---|
| *Napahahalagahan ang sariling lakas at kakulangan.* | 4.51 | 0.61 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakapaghahangad ng patuloy na pagpapabuti sa gawain.* | 4.41 | 0.67 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagagamit ang feedback ng guro upang mapaunlad ang sarili.* | 4.36 | 0.62 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naitatatag ang sariling estratehiya sa pag-aaral.* | 4.37 | 0.57 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakatatanggap ng pagbabago at pag-unlad sa paglipas ng panahon.* | 4.26 | 0.73 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.38 | | |
| *SD* | 0.65 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Gayundin ang pahayag na Nakapaghahangad ng patuloy na pagpapabuti sa gawain na may punang Lubos na Sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang mean ng pahayag na Nakatatanggap ng pagbabago at pag-unlad sa paglipas ng panahon na may (M=4.26) at (SD=0.73), ipinapakita pa rin nito na Lubos na Sumasang-ayon ang mga tagatugon na bukas sila sa mga positibong pagbabagong dulot ng kanilang pag-aaral.

Ang Antas ng Pagkatuto ng Kasanayang Filipino ng mga mag-aaral ayon sa pagpapaunlad ng kakayahan ay nagkamit ng kabuuang weighted mean na 4.38 at standard deviation na 0.65 na may berbal na interpretasyong Lubhang Mabisa mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng talahanayan na ang pagpapaunlad ng kakayahan ay may malaking gampanin sa pagpapatatag ng sariling estratehiya ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng Filipino. Napalalakas nito ang kanilang pagtanggap sa feedback ng guro upang mapaunlad ang sarili at mapataas ang kalidad ng kanilang mga gawain. Ipinahihiwatig din ng positibong tugon na ang mga interaktibong pamamaraan ay epektibong kasangkapan upang mahubog ang pagiging disiplinado at mapagnilay na mag-aaral sa nasabing asignatura.

**Talahanayan 12.**

*Antas ng Pagkatuto ng Kasanayang Filipino ng mga mag-aaral ayon sa paghasa ng kaalaman*

| ***Mga Pahayag*** | ***Mean*** | ***SD*** | ***Mga Puna*** |
|---|---|---|---|
| *Naaalala ang mga terminong pampanitikan.* | 4.33 | 0.78 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiintindihan ang mga konsepto sa gramatika at estilo.* | 4.26 | 0.63 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiuugnay ang natutunan sa bagong paksa o akda.* | 4.27 | 0.72 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiwawasto ang maling konsepto matapos ang talakayan.* | 4.17 | 0.77 | Sumasang-ayon |
| *Naibabahagi ang natutunan sa mga kaklase.* | 4.37 | 0.72 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.28 | | |
| *SD* | 0.73 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Ang Talahanayan 12 ay nagpapakita ng antas ng Pagkatuto ng Kasanayang Filipino ng mga mag-aaral batay sa paghasa ng kaalaman. Nagpapakita rin ito ng pahayag, mean, standard deviation at mga puna.

Naibabahagi ang natutunan sa mga kaklase ay nakakuha ng pinakamataas na mean na (M=4.37) na may (SD=0.72) at may puna na Lubos na Sumasang-ayon. Ipinahihiwatig nito na ang mga mag-aaral ay aktibong nakikibahagi sa pagpapalitan ng kaalaman, na nagpapakita ng epektibong pag-unawa sa mga aralin. Gayundin ang pahayag na Naaalala ang mga terminong pampanitikan na may punang Lubos na Sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang mean ng pahayag na Naiwawasto ang maling konsepto matapos ang talakayan na may (M=4.17) at (SD=0.77), ipinapakita pa rin nito na Sumasang-ayon ang mga tagatugon sa kanilang kakayahang ayusin ang mga maling pagkakaunawa sa tulong ng mga talakayan sa klase.

Ang Antas ng Pagkatuto ng Kasanayang Filipino ng mga mag-aaral ayon sa paghasa ng kaalaman ay nagkamit ng kabuuang weighted mean na 4.28 at standard deviation na 0.73 na may berbal na interpretasyong Lubhang Mabisa mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng talahanayan na ang paghasa ng kaalaman ay may malaking gampanin sa

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

pagpapalalim ng pundasyon ng mga mag-aaral sa Filipino. Napalalakas nito ang kanilang memorya sa mga mahahalagang termino at ang kakayahang iugnay ang mga natutunan sa mga bagong paksa o akda. Ipinahihiwatig din ng positibong tugon na ang mga interaktibong gawain ay nagiging epektibong tulay upang maging mas komprehensibo at tumpak ang kaalaman ng mga mag-aaral sa gramatika, estilo, at panitikan.

**Antas ng Pagganap ng mga Mag-aaral batay sa Pagsusulit**

Ang pag-aaral na ito ay naglalaman ng antas ng Pagganap ng mga mag-aaral sa Pagsusulit batay sa Art Angel, Sine Mo 'To, Kalookalike, Guess What? at Tagis-Talino. Sa pagkuha ng resulta, makikita sa mga sumusunod na talahanayan ang Iskors, Mean at Standard Deviation, Puna at Berbal na Interpretasyon mula sa pananaw ng mga sumagot.

**Talahanayan 13.**

*Antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa Pagsusulit batay sa Art Angel*

| **Puntos** | **Pagsusulit** | | **Paglalarawan** |
|---|---|---|---|
| | **f** | **%** | |
| 13 - 15 | 9 | *5.00* | Pinakamahusay |
| 10 - 12 | 76 | *42.22* | Lubos na Kasiya-siya |
| 7 - 9 | 94 | *52.22* | Kasiya-siya |
| 4 - 6 | 1 | *0.56* | Katamtamang Kasiya-siya |
| 0-3 | 0 | *0.00* | Hindi Nakaabot sa Inaasahan |
| Total | 180 | *100* | |
| *Weighted Mean* | 9.45 | | |
| *SD* | 1.71 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Kasiya-siya | | |

Ang Talahanayan 13 ay nagpapakita ng antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa pagsusulit batay sa Art Angel. Nagpapakita rin ito ng puntos, mean, standard deviation at mga puna.

Ang talahanayang ito ay nagpapakita ng resulta ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa pagsusulit sa Art Angel, sa kabuoang isang daan at walumpu (180) na tagatugon. Ang marka na "7 - 9" ay nakakuha ng pinakamataas na bilang na siyamnapu't apat (94) o 52.22% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na Kasiya-siya. Habang ang marka na "4 - 6" ay nakakuha ng pinakamababang bilang (maliban sa markang 0-3) na isa (1) o 0.56% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na Katamtamang Kasiya-siya.

May kabuuang Weighted Mean = 9.45 at SD = 1.71, na ipinapakita na ang kabuoang antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa pagsusulit ay may Berbal na Interpretasyon na Kasiya-siya.

Samakatuwid, ipinakikita ng mga resulta sa itaas na ang karamihan sa mga mag-aaral ay nasa antas na Kasiya-siya at Lubos na Kasiya-siya sa kanilang pagsusulit batay sa Art Angel. Ipinapakita nito na ang mga mag-aaral ay may sapat na kaalaman at kasanayan sa mga paksang tinalakay, bagaman may maliit na bahagi pa rin ang nangangailangan ng paggabay upang mas mapataas ang kanilang antas ng pag-unawa.

Ang mga naunang pananaliksik ay nagpapakita na ang pagganap ng mga mag-aaral sa pagsusulit ay karaniwang nasa katamtaman o kasiya-siyang antas, lalo na kung ang mga mag-aaral ay nasa proseso pa ng paglinang ng kanilang mga kasanayan at pag-unawa sa aralin. Ang mga natuklasan na ito ay sinusuportahan ng mga natuklasan ng pag-aaral na ito. Sa isang pag-aaral nina Butaslac et al (2024), natuklasan na ang mga resulta ng pag-aaral ng mga mag-aaral ay malapit na nauugnay sa kalidad ng pagtuturo at mga estratehiya sa pagkatuto, at kapag ang mga guro ay gumagamit ng angkop na mga diskarte sa pagtuturo, ang mga mag-aaral ay karaniwang nagpapakita ng katamtaman hanggang mataas na pagganap.

**Talahanayan 14.**

*Antas ng Pagganap ng mga mag-aaral sa Pagsusulit batay sa Sine Mo 'To*

| Puntos | Pagsusulit | | Paglalarawan |
|---|---|---|---|
| | **f** | **%** | |
| 13 - 15 | 45 | *25.00* | Pinakamahusay |
| 10 - 12 | 86 | *47.78* | Lubos na Kasiya-siya |
| 7 - 9 | 49 | *27.22* | Kasiya-siya |
| 4 - 6 | 0 | *0.00* | Katamtamang Kasiya-siya |
| 0-3 | 0 | *0.00* | Hindi Nakaabot sa Inaasahan |
| Total | 180 | *100* | |
| *Weighted Mean* | 11.11 | | |
| *SD* | 1.97 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubos na Kasiya-siya | | |

Ang Talahanayan 14 ay nagpapakita ng antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa pagsusulit batay sa Sine Mo 'To. Nagpapakita rin ito ng puntos, mean, standard deviation at mga puna.

Ang talahanayang ito ay nagpapakita ng resulta ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa pagsusulit sa Sine Mo 'To, sa kabuoang isang daan at walumpu (180) na tagatugon. Ang marka na "10 - 12" ay nakakuha ng pinakamataas na bilang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

na walumpu't anim (86) o 47.78% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na Lubos na Kasiya-siya. Habang ang marka na "13 - 15" ay nakakuha ng apatnapu't lima (45) o 25.00% na may katumbas na Pinakamahusay, at ang markang "7 - 9" naman ay may apatnapu't siyam (49) o 27.22% na may katumbas na Kasiya-siya.

May kabuuang Weighted Mean = 11.11 at SD = 1.97, na ipinapakita na ang kabuoang antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa pagsusulit ay may Berbal na Interpretasyon na Lubos na Kasiya-siya.

Samakatuwid, ipinakikita ng mga resulta sa itaas na ang karamihan sa mga mag-aaral ay nagpakita ng mataas na antas ng pagganap sa kanilang pagsusulit batay sa Sine Mo 'To.

Ipinapakita nito na epektibo ang naging pagtalakay sa paksa dahil ang lahat ng mga mag-aaral ay pumasok sa mga kategoryang Kasiya-siya hanggang Pinakamahusay, at walang mag-aaral ang nakakuha ng markang mababa sa pito (7).

Ang Talahanayan 15 ay nagpapakita ng antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa pagsusulit batay sa Kalookalike. Nagpapakita rin ito ng puntos, mean, standard deviation at mga puna

**Talahanayan 15.**

*Antas ng Pagganap ng mga mag-aaral sa Pagsusulit batay sa Kalookalike*

| Puntos | Pagsusulit | | Paglalarawan |
|---|---|---|---|
| | **f** | **%** | |
| 13 - 15 | 4 | *2.22* | Pinakamahusay |
| 10 - 12 | 68 | *37.78* | Lubos na Kasiya-siya |
| 7 - 9 | 95 | *52.78* | Kasiya-siya |
| 4 - 6 | 13 | *7.22* | Katamtamang Kasiya-siya |
| 0-3 | 0 | *0.00* | Hindi Nakaabot sa Inaasahan |
| Total | 180 | *100* | |
| ***Weighted Mean*** | ***9.01*** | | |
| ***SD*** | ***1.72*** | | |
| ***Berbal na Interpretasyon*** | ***Kasiya-siya*** | | |

Ang talahanayang ito ay nagpapakita ng resulta ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa pagsusulit sa Kalookalike, sa kabuoang isang daan at walumpu (180) na tagatugon. Ang marka na "7 - 9" ay nakakuha ng pinakamataas na bilang na siyamnapu't lima (95) o 52.78% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na Kasiya-siya. Habang ang marka na "13 - 15" ay nakakuha ng pinakamababang bilang na apat (4) o 2.22% na may katumbas na Pinakamahusay.

May kabuuang Weighted Mean = 9.01 at SD = 1.72, na ipinapakita na ang kabuoang antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa pagsusulit ay may Berbal na Interpretasyon na Kasiya-siya.

Samakatuwid, ipinakikita ng mga resulta sa itaas na ang karamihan sa mga mag-aaral ay nasa antas na Kasiya-siya at Lubos na Kasiya-siya sa kanilang pagsusulit batay sa Kalookalike. Ipinapakita nito na ang mga mag-aaral ay may sapat na pag-unawa sa paksa, bagaman may mangilan-ngilang mag-aaral (7.22%) ang nasa antas lamang ng Katamtamang Kasiya-siya na maaaring nangangailangan pa ng karagdagang pagsasanay.

**Talahanayan 16.**

*Antas ng Pagganap ng mga mag-aaral sa Pagsusulit batay sa Guess What*

| Puntos | Pagsusulit | | Paglalarawan |
|---|---|---|---|
| | **f** | **%** | |
| 13 - 15 | 27 | *15.00* | Pinakamahusay |
| 10 - 12 | 102 | *56.67* | Lubos na Kasiya-siya |
| 7 - 9 | 51 | *28.33* | Kasiya-siya |
| 4 - 6 | 0 | *0.00* | Katamtamang Kasiya-siya |
| 0-3 | 0 | *0.00* | Hindi Nakaabot sa Inaasahan |
| Total | 180 | *100* | |
| ***Weighted Mean*** | ***10.45*** | | |
| ***SD*** | ***1.96*** | | |
| ***Berbal na Interpretasyon*** | ***Lubos na Kasiya-siya*** | | |

Ang Talahanayan 16 ay nagpapakita ng antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa pagsusulit batay sa Guess What?. Nagpapakita rin ito ng puntos, mean, standard deviation at mga puna.

Ang talahanayang ito ay nagpapakita ng resulta ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa pagsusulit sa Guess What, sa kabuoang isang daan at walumpu (180) na tagatugon. Ang marka na "10 - 12" ay nakakuha ng pinakamataas na bilang na isang daan at dalawa (102) o 56.67% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na Lubos na Kasiya-siya. Habang ang marka na "13 - 15" ay nakakuha ng dalawampu't pito (27) o 15.00% na may katumbas na Pinakamahusay, at ang markang "7 - 9" naman ay may limampu't isa (51) o 28.33% na may katumbas na Kasiya-siya.

May kabuuang Weighted Mean = 10.45 at SD = 1.96, na ipinapakita na ang kabuoang antas ng pagganap ng mga

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

mag-aaral sa pagsusulit ay may Berbal na Interpretasyon na Lubos na Kasiya-siya.

Samakatuwid, ipinakikita ng mga resulta sa itaas na ang mga mag-aaral ay nagpakita ng magandang performas sa pagsusulit batay sa Guess What. Mahigit kalahati ng mga mag-aaral ang nasa antas na Lubos na Kasiya-siya, na nagpapahiwatig na naging epektibo ang kagamitang pampagtuturo sa pagpapataas ng antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Walang mag-aaral ang nakakuha ng marka na mababa sa pito (7).

**Talahanayan 17**

*Antas ng Pagganap ng mga mag-aaral sa Pagsusulit batay sa Tagis Talino*

| Puntos | Pagsusulit | | Paglalarawan |
|---|---|---|---|
| | **f** | **%** | |
| 13 - 15 | 15 | *8.33* | Pinakamahusay |
| 10 - 12 | 103 | *57.22* | Lubos na Kasiya-siya |
| 7 - 9 | 61 | *33.89* | Kasiya-siya |
| 4 - 6 | 1 | *0.56* | Katamtamang Kasiya-siya |
| 0-3 | 0 | *0.00* | Hindi Nakaabot sa Inaasahan |
| Total | 180 | *100* | |
| *Weighted Mean*<br>*SD*<br>*Berbal na Interpretasyon* | 10.09<br>1.78<br>Lubos na Kasiya-siya | | |

Ang Talahanayan 17 ay nagpapakita ng antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa pagsusulit batay sa Tagis-Talino. Nagpapakita rin ito ng puntos, mean, standard deviation at mga puna.

Ang talahanayang ito ay nagpapakita ng resulta ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa pagsusulit sa Tagis Talino, sa kabuoang isang daan at walumpu (180) na tagatugon. Ang marka na "10 - 12" ay nakakuha ng pinakamataas na bilang na isang daan at tatlo (103) o 57.22% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na Lubos na Kasiya-siya. Habang ang marka na "4 - 6" ay nakakuha ng pinakamababang bilang na isa (1) o 0.56% na may katumbas na Katamtamang Kasiya-siya.

May kabuuang Weighted Mean = 10.09 at SD = 1.78, na ipinapakita na ang kabuoang antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa pagsusulit ay may Berbal na Interpretasyon na Lubos na Kasiya-siya.

Samakatuwid, ipinakikita ng mga resulta sa itaas na ang karamihan sa mga mag-aaral ay nagpakita ng mataas na antas ng karunungan sa pagsusulit batay sa Tagis Talino. Ang malaking bahagdan ng mga mag-aaral na nasa kategoryang Lubos na Kasiya-siya at Kasiya-siya ay nagpapatunay na naging mabisa ang paghahatid ng impormasyon, bagaman may isang mag-aaral na nangangailangan pa ng karagdagang tulong upang mapataas ang marka mula sa antas na Katamtamang Kasiya-siya.

**Pagsusuri ng Ugnayan ng Interaktibong Pamamaraan sa Pagtuturo ng Panitikan sa Pagkatuto ng Kasanayang Filipino ng mga Mag-Aaral**

Ang Talahanayan 18 ay nagpapakita ng ugnayan ng interaktibong pamamaraan sa pagtuturo ng panitikan sa pagkatuto ng kasanayang Filipino ng mga mag-aaral. Nagpapakita rin ito ng Pearson Correlation coefficients, significance levels (2-tailed), bilang ng mga tagatugon (N), at ang mga kaukulang marka ng pagiging makabuluhan ng ugnayan sa pagitan ng mga baryabol.

Makikita sa talahanayan na ang ugnayan ng Sine Mo 'To at Kolaboratibong Kasanayan ay nakakuha ng pinakamataas na Pearson Correlation na (r=0.721) na may p-value na (0.000) at may puna na Significant. Ipinahihiwatig nito na ang paggamit ng pelikula o video clips ay may napakalakas na positibong impluwensya sa pagtutulungan at pakikilahok ng mga mag-aaral sa loob ng pangkat.

Gayundin ang pamamaraang Guess What na nagpakita ng makabuluhang ugnayan sa Pagpapaunlad ng Kakayahan (r=0.599) at Kolaboratibong Kasanayan (r=0.508). Bagama't ang Tagis Talino ay nagtala ng mga pinakamababang correlation gaya sa Kakayahang Makapagpahayag (r=0.004), ipinapakita pa rin nito na may nananatiling ugnayan ang paligsahan sa Kolaboratibong Kasanayan (r=0.214) na itinuturing na makabuluhan o significant.

**Talahanayan 18.**

*Ugnayan ng Interaktibong Pamamaraan sa Pagtuturo ng Panitikan sa Pagkatuto ng Kasanayang Filipino ng mga Mag-Aaral*

| **Interaktibong Pamamaraan sa Pagtuturo ng Panitikan** | | **Pagkatuto ng Kasanayang Filipino ng mga Mag-Aaral** | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | **Kasanayan sa Pagsulat** | **Pag-unawa sa Binasa** | **Kakayahang Magpahayag** | **Kognitibong kakayahan** | **Kolaboratibong kasanayan** | **Pagpapaunlad ng kakayahan** | **Paghasa ng kaalaman** |
| Art Angel | Pearson Correlation | 0.214** | 0.252** | 0.123 | 0.524** | 0.582** | 0.225** | 0.169** |
| | Significance(2-Tailed) | 0.004 | 0.001 | 0.101 | 0.000 | 0.000 | 0.002 | 0.002 |
| | N | 180 | 180 | 180 | 180 | 180 | 180 | 180 |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Sine Mo 'To | Pearson Correlation | 0.498** | 0.433** | 0.254** | 0.521** | 0.721** | 0.285** | 0.083 |
| | Significance(2-Tailed) | 0.000 | 0.000 | 0.001 | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.266 |
| | N | 180 | 180 | 180 | 180 | 180 | 180 | 180 |
| Kalookalike | Pearson Correlation | 0.419** | 0.488** | 0.316** | 0.317** | 0.339** | 0.448** | 0.375** |
| | Significance(2-Tailed) | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 |
| | N | 180 | 180 | 180 | 180 | 180 | 180 | 180 |
| Guess What | Pearson Correlation | 0.266** | 0.483** | 0.257** | 0.479** | 0.508** | 0.599** | 0.416** |
| | Significance(2-Tailed) | 0.000 | 0.000 | 0.001 | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 |
| | N | 180 | 180 | 180 | 180 | 180 | 180 | 180 |
| Tagis Talino | Pearson Correlation | 0.039 | 0.045 | 0.004 | 0.016 | 0.214** | 0.133 | 0.073 |
| | Significance(2-Tailed) | 0.604 | 0.546 | 0.953 | 0.829 | 0.004 | 0.075 | 0.328 |
| | N | 180 | 180 | 180 | 180 | 180 | 180 | 180 |

*Significant at p<0.05*

Ang Ugnayan ng Interaktibong Pamamaraan sa Pagtuturo ng Panitikan sa Pagkatuto ng Kasanayang Filipino ay nagpapakita na halos lahat ng ugnayan (maliban sa ilang aspeto ng Tagis Talino) ay nagkamit ng significance level na mas mababa sa p<0.05, na may interpretasyong Makabuluhan (Significant) mula sa datos ng 180 tagatugon.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng talahanayan na ang mga interaktibong pamamaraan gaya ng Art Angel, Sine Mo 'To, Kalookalike, at Guess What ay may malaking gampanin sa pagpapataas ng antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa Filipino. Napalalakas nito ang kognitibong kakayahan, pag-unawa sa binasa, at kasanayan sa pagsulat sa pamamagitan ng mga makabago at masining na estratehiya. Ipinahihiwatig din ng positibong correlation na ang pagpili ng guro sa tamang interaktibong gawain ay isang epektibong kasangkapan upang matiyak ang pag-unlad ng kabuoang kasanayang lingguwistiko at pakikipagkapwa-tao ng mga mag-aaral.

**Pagsusuri ng paghahambing sa paggamit ng Interaktibong Pamamaraan sa Pagtuturo ng Panitikan sa Pagkatuto ng Kasanayang Filipino ng mga mag-aaral**

Para matukoy ang makabuluhang epekto ng paggamit ng Interaktibong Pamamaraan sa Pagtuturo ng Panitikan sa Pagganap ng mga Mag-aaral, ginamitan ito ng istatistikang pamamaraan na *Real Statistics Data Analysis Tools* sa pamamagitan ng *Regression Analysis.*

Ang Talahanayan 19 ay nagpapakita ng epekto ng interaktibong pamamaraan sa pagtuturo ng panitikan sa pagganap ng mga mag-aaral. Nagpapakita rin ito ng mga istatistikal na halaga gaya ng R-square, Beta, t-stat, P-value, at ang kaukulang interpretasyon para sa mga baryabol na Art Angel, Sinemoto, Kalookalike, Guess What, at Tagis Talino.

**Talahanayan 19.**

*Epekto ng Interaktibong Pamamaraan sa Pagtuturo ng Panitikan sa Pagganap ng mga Mag-aaral*

| VARIABLES | R-square | Beta | t-stat | P-value | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|
| Art Angel | 0.0038 | -0.2191 | -0.826 | 0.410 | Walang Makabuluhang Epekto |
| Sinemoto | 0.0020 | 0.1805 | 0.603 | 0.547 | Walang Makabuluhang Epekto |
| Kalookalike | 0.0004 | 0.0984 | 0.296 | 0.767 | Walang Makabuluhang Epekto |
| Guess What | 0.0012 | -0.1997 | -0.467 | 0.641 | Walang Makabuluhang Epekto |
| Tagis Talino | 0.0023 | 0.2136 | 0.634 | 0.527 | Walang Makabuluhang Epekto |

***Constant = 1.97***

Makikita sa Talahanayan 19 na ang lahat ng mga interaktibong pamamaraan na ginamit sa pagtuturo ng panitikan ay nagpakita ng resulta na hindi makabuluhan sa pagganap ng mga mag-aaral. Ang Art Angel ay nakakuha ng p-value na 0.410, ang Sinemoto ay 0.547, ang Kalookalike ay 0.767, ang Guess What ay 0.641, at ang Tagis Talino ay 0.527. Dahil ang lahat ng p-value na ito ay mas mataas sa standard significance level na 0.05, ang interpretasyon para sa bawat isa ay Walang Makabuluhang Epekto.

Ipinahihiwatig nito na bagama't ang mga pamamaraang ito ay tinuturing na "mabisa" o "lubhang mabisa" batay sa obserbasyon at persepsyon (tulad ng makikita sa mga naunang talahanayan), hindi ito direktang nagresulta sa malaking pagbabago o epekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa nasabing pagsusulit. Ang R-square values na malapit sa zero (mula 0.0004 hanggang 0.0038) ay nagpapakita

na napakaliit na porsyento lamang ng pagbabago sa pagganap ng mag-aaral ang maipaliliwanag ng mga metodolohiyang ito.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng talahanayan na may iba pang mga salik na maaaring mas may direktang impluwensya sa pagganap ng mga mag-aaral bukod sa mga interaktibong pamamaraang nabanggit. Bagama't nakatutulong ang mga ito sa interaksyon at pagiging masigla ng klase, ang pinal na marka o pagganap sa mga pagsusulit ay maaaring nakadepende pa rin sa iba pang aspeto ng pagkatuto.

## 4. KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Sa pamamagitan ng mga inilahad na kinalabasan, nabuo ang mga sumusunod na konklusyon:

Nagpakita ng makabuluhang ugnayan ang paggamit ng mga interaktibong pamamaraan sa pagtuturo ng panitikan (tulad ng Art Angel, Sine Mo 'To, Kalookalike, Guess What, at Tagis Talino) sa pag-unlad ng kasanayang Filipino ng mga mag-aaral, kung kaya't ang haypotesis ay hindi tinanggap. Ipinahihiwatig nito na ang pagsasama ng sining, pelikula, at mga laro sa talakayan ay epektibong estratehiya upang mapataas ang interes at mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga tekstong pampanitikan.

Sa kabilang banda, lumabas sa pagsusuri na walang makabuluhang epekto ang mga interaktibong pamamaraang ito sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral, kung kaya't ang haypotesis ay tinanggap. Ipinahihiwatig nito na bagama't nakatutulong ang mga makabagong estratehiya sa pagpapalawak ng kasanayan at motibasyon, hindi ito ang tanging salik na nagdidikta sa marka ng pagsusulit. Maaaring may iba pang mga panlabas na salik gaya ng suportang pangkapaligiran at personal na estratehiya sa pag-aaral na higit na nakakaapekto sa kabuuang resulta ng akademiko ng mga mag-aaral.

### Rekomendasyon

Matapos ang pag-aaral at pagsusuri ng mga natuklasan, iminumungkahi ng mananaliksik ang mga sumusunod:

1. Iminumungkahi sa mga mag-aaral na mahalaga na magkaroon ng aktibong pakikilahok sa mga gawaing interaktibo upang malinang ang kanilang kakayahan sa komunikasyon, kolaborasyon, at malalim na pag-unawa sa panitikan. Inirerekomenda rin sa mga tagapagplano ng kurikulum at mga opisyal ng DepEd na isaalang-alang ang integrasyon ng mas maraming interaktibo at kontekstuwalisadong gawain sa opisyal na kurikulum ng Filipino.

2. Inirerekomenda sa mga guro na ang paggamit ng mga interaktibong pamamaraan gaya ng Art Angel, Sine Mo 'To, Kalookalike, Guess What, at Tagis Talino ay gawing regular na bahagi ng pagtuturo ng panitikan sa asignaturang Filipino.

3. Iminumungkahing hikayatin ang pamunuan ng paaralan na patuloy na gamitin ang Interaktibong pamamaraan upang mapahusay ang pagtuturo ng panitikan.

4. Inrererekomenda para sa mga curriculum developer na gamitin ang mga kinalabasan ng pag-aaral na ito bilang pundasyon sa pagrerebisyon at pagpapaunlad ng kurikulum sa Filipino, partikular na sa pagbuo ng mga bagong gabay na nagpapahalaga sa interaktibong pagtalakay sa panitikan.

5. Para sa mga susunod na mananaliksik, iminumungkahi na magsagawa ng mas malawak na pag-aaral na tutuon sa iba pang mga salik na hindi saklaw ng kasalukuyang pananaliksik, tulad ng motibasyon ng mag-aaral, socioeconomic status, at mga tiyak na estratehiya sa pag-aaral.

## SANGGUNIAN

1. *DELOS REYES, A. (2018). Innovations in literature teaching: Challenges and prospects in the 21st century classroom. Asia Pacific Journal of Education, 38(4), 612–626.*
2. *GEE, J. P. (2017). Teaching, learning, literacy in our high-risk high-tech world: A framework for becoming human. Teachers College Press.*
3. *MANALO, J. (2020). Role play as pedagogy in literature: Enhancing engagement and collaboration. The Normal Light, 14(2), 112–128*
4. *NARDO, J. et al (2020). Panitikan bilang kasangkapan sa paghubog ng kasanayang pangwika at kultural. LINGUA: Journal of Language Studies, 19(1), 33–49.*
5. *RAMOS, P. (2019). Arts integration in Filipino literature classes: A creative approach to teaching. Philippine Normal University Research Journal, 22(1), 55–72.*
6. *REYES, C. (2019). Collaborative competition as an instructional strategy: A case of quiz bee in literature. International Journal of Learning, Teaching and Educational Research, 18(6), 122–135.*
7. *Santos, P. M., (2021). Estetika at Pagkatuto: Ang Papel ng Sining sa Kognitibong Pag-unlad ng mga Mag-aaral. Akademikong Diwa, 8(3), 101-115.*